

# Kabayo ni Yayo



Ang kabayo ni Yayo ay kulay abo. Ito ay mabilis tumakbo. Palagi itong kumakain ng damo. Mahal ni Yayo ang kaniyang kabayo.

FT FUN TEACHER FILES

# Pusa ni Pepito



Si Pepito ay may pusa. Ito ay kulay puti. Ang pusa niya ay malusog at mabalahibo. Mahilig itong maglaro.

FT FUN TEACHER FILES


# Aso ni Lito



Ang aso ni Lito ay maamo. Moymoy ang tawag niya sa kaniyang aso. Si Moymoy ay isang masayahing aso. Mahilig itong maglaro at tumakbo.

FUN TEACHER FILES

# Isda ni Iska



Ang isda ni iska ay kulay kahel. *Goldfish* ang tawag dito sa wikang Ingles. Ang kaniyang isda ay masayang lumalangoy. Inaalagaan niya ito at pinakakakain.

FT FUN TEACHER FILES


# Ibon



May tatlong ibon sa sanga ng punong mangga. Maya ang tawag sa mga ibon na aking nakita. Masarap pakinggan ang huni nila habang ako ay nagpapahinga.

FUN TEACHER FILES

# Manok ni Tom



Si Tom ay may alagang manok. Ito ay isang inahin. Ito ay madalas mangitlog. Pinakakakain ni Tom ang kaniyang inahing manok upang ito ay maging malusog.

FT FUN TEACHER FILES